Filipino (Tagalog) الفلبينية

# Ang Kawanggawa (Zakah) ay Dalawang Uri

**1. Boluntaryo (Nafila):** Ito ay tumutukoy sa anumang kayamanan o handog na ibinibigay ng isang tao bilang isang dalisay o purong gawa ng pagsamba.

**2. Obligado (Faridhah):** **(At ito'y dalawang uri)**

## Zakat Al-Badan:

Ito ay ang Zakat al-Fitr. Obligado ito para sa bawat Muslim: bata o matanda, lalaki o babae, alipin o malaya.

## Zakat Al-Maal:

Ang depinisyon nito ayon sa batas ng Islam: (Isang gawa ng pagsamba sa Allah na kinapapalooban ng pagbibigay ng isang bahagi ng kayamanan na itinakda ng batas para sa isang tiyak na uri ng tao o institusyon). Ito ang ikatlong haligi ng Islam, at nahahati ito sa apat na uri:

1 **Ang dalawang uri ng salapi:**



Ginto at pilak, at mga bagay na katumbas nito tulad ng pera at iba pa. Ang nisab (minimum na halaga) ng ginto ay 20 mithqal (85 gramo) at ang nisab ng pilak ay 200 dirham (595 gramo)

2 **Al-Saima**



Ito ang mga alagang hayop na kumakain ng damo sa loob ng halos buong taon o sa kabuuan nito. Ang mga hayop na ito ay kamelyo, baka, at tupa.

3 **Mga ani mula sa lupa**



Ito ang mga butil at prutas.

4 **Kalakal**



Ito ang lahat ng mga bagay na inilaan para ibenta o bilhin.

## Mga karapat-dapat tumanggap ng Zakat:

1. **Ang mga mahihirap (Fuqara)** — Sila ang mga nangangailangan na walang nakukuha na sapat na kabuhayan

2. **Ang mga (Masakin)** — Sila ay may kakayahang matustusan ang kalahati o higit pa ng kanilang mga pangangailangan. Halimbawa, kung tinatayang kailangan ng isang tao ng 12,000 para sa isang taon, ang mahirap ay maaaring may 6,000 o wala, habang ang Miskin ay may 6,000 o higit pa ngunit hindi umaabot sa 12,000. Binibigyan sila ng sapat upang magtagal ng isang taon dahil ang Zakat ay binabayaran taun-taon.

3. **Ang mga nagtatrabaho sa Zakat:** — Sila ang mga tagakolekta, tagapag-ingat, at mga itinalaga sa paghahati nito. Sila ay itinalaga ng lider ng pamahalaan at hindi kinakailangang mahirap, kaya't maaari silang makatanggap ng Zakat kahit sila ay mayaman.

4. **Ang mga pinapalapit ang puso (Muallaf)** — Sila ang inaasahang maging Muslim, o upang maiwasan ang kanilang pinsala, o palakasin ang kanilang pananampalataya.

5. **Pagpapalaya ng alipin** — Sila ay mga:
   a- Muslim na alipin na gumagawa ng kasunduan upang mapalaya.
   b- Ang pagpapalaya sa Muslim na alipin.
   c- Ang Muslim na bihag.

6. **Mga may utang (Gharimun):** —
   a- Yaong may utang bilang paggagarantiya sa iba.
   b- Yaong may utang para sa kanyang sariling kapakanan.

7. **Para sa landas ng Allah (Fi Sabilillah):** — Kasama rito ang mga mandirigma at ang kanilang mga kailangan, tulad ng armas at iba pa.

8. **Ang estrangherong naglalakbay (Ibn Sabil)** — Siya ay ang naglalakbay na naubusan ng pondo at binibigyan ng sapat na tulong upang makarating sa kanyang tahanan.